

Kuwentong-tagumpay ng mga nagsitapos ng MAED-Filipino

Granadil, Archie ✉

Sorsogon State University, Philippines (granadilarchie09@gmail.com)

Marbella, Felisa D.

Sorsogon State University, Philippines (felymarbella03@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 20 March 2025

Available Online: 10 April 2025

Revised: 1 April 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25050

Accepted: 5 April 2025

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang mga kuwento ng tagumpay ng mga nagsipagtapos ng MAED Filipino sa Pampahalaang Pamantasan ng Sorsogon. Gumamit ito ng disenyong kwalitatibo at mga talatanungan at interbyu upang makuha ang datos. Ibinigay ng mga partisipant ang kanilang mga karanasan at tagumpay, na naging inspirasyon sa mga kasalukuyang mag-aaral. Tinalakay ang iba't ibang aspeto ng mga nagsipagtapos tulad ng edad, kasarian, katayuang sibil, tirahan, trabaho, at estado ng kanilang karera bago at pagkatapos mag-aral ng masteral. Kasama rin sa pagsusuri ang haba ng kanilang karanasan sa pagtuturo, posisyon bago mag-aral ng masteral, at bilang ng taon ng pag-aaral sa masteral. Ang kanilang mga kuwento ay nagsilbing modelo at nakapag-ambag sa pagpapabuti ng larangan ng edukasyon. Mahalaga na patuloy na hikayatin ang mga mag-aaral na kumuha ng MAED Filipino upang mapalawak pa ang kanilang kaalaman at kasanayan. Ang administrasyon, dekan, at mga guro ay may mahalagang papel sa paggabay at paghikayat sa mga mag-aaral na tapusin ang kanilang pag-aaral. Dapat ding hikayatin ang mga nagtapos na dumalo sa mga seminar at pagsasanay upang mas mapaunlad ang kanilang kakayahan. Gayundin, inirerekomenda ang pag-aaral sa post-graduate o PhD upang mas mapalawak pa ang kanilang kaalaman at magpatuloy sa mga pag-aaral tungkol sa kalagayan ng mga nagtapos sa iba't ibang kurso.

Keywords: kuwentong-tagumpay, nagsipagtapos, MAED Filipino, propayl

Kuwentong-tagumpay ng mga nagsitapos ng MAED-Filipino

1. Introduksyon

Ang pagkamit ng mataas na antas ng edukasyon at karunungan sa kanilang napiling larangan ay masasabing isang katagumpayan ng isang indibidwal. Nagpapakita ng kakayahan at husay sa kanilang mga propesyon, mula sa agham at teknolohiya, sining, kultura, edukasyon, kalakalan, politika, at iba pa. Ang kanilang mga tagumpay ay nagpapakita ng talino, sipag, at determinasyon na naging daan sa kanilang pag-angat sa kanilang karera. Bukod sa nakamit nilang tagumpay, nagiging inspirasyon at halimbawa rin sa mga susunod na henerasyon ng mga Pilipino upang mangarap at magsumikap para sa kanilang sariling mga layunin. Halimbawa nito ay ang mga nanalo ng mga internasyonal na patimpalak sa agham at teknolohiya tulad ng si Dr. Angel Alcala, ang unang Filipino na nakatanggap ng Ramon Magsaysay Award sa larangan ng pangangalaga sa kalikasan at si Dr. Lourdes Cruz, isa ring Ramon Magsaysay awardee sa larangan ng pang-aghag na pangangalaga sa karagatan. Sa sining, may mga kilalang Pilipinong pintor, tulad ng si Juan Luna at Fernando Amorsolo, at mga manunulat, tulad nina Jose Rizal, Nick Joaquin, at F. Sionil Jose.

Sa larangan ng edukasyon, mayroong mga Pilipinong nagpapakita ng kahusayan sa kanilang propesyon, tulad ng mga propesor, guro, at administrador ng mga unibersidad at kolehiyo. Sa politika, mayroong mga Pilipinong naglingkod sa pamahalaan na nagpakita ng kanilang husay at dedikasyon sa pagsulong ng kapakanan ng mga mamamayan, tulad ni Benigno Aquino Jr. at si Corazon Aquino. Sa kabuuan, ito ay nagsisilbing patunay na kaya na magpakita ng kahusayan sa anumang larangan at makamit ang tagumpay sa iba't ibang larangan sa buong mundo. Banggit nga ni Gatchalian (2020) ang tungkol sa kahalagahan ng pagtitiyak ng kalidad sa mga graduate school sa Pilipinas, nakita na ang mga mag-aaral ay mas nakatitiyak sa kalidad ng kanilang edukasyon kung ang kanilang mga guro ay mayroong mga sertipikasyon at kwalipikasyon na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ayon nga sa Batas 7722 ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED) ay may mandato sa lahat ng kolehiyo at unibersidad na magsagawa ng pag-aaral bilang tugon sa kahilingang maging sentro ng kahusayan at sentro ng pag-unlad ang bawat programa ng bawat kurso. Ang propayl naman ng mga nagsitapos partikular na saay isa sa hinihinging pangangailangan ng higher education accrediting body tulad ng Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities in the Philippines (AACUP) partikular na sa bahagi ng fakulti at pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang datos na nalikom mula sa pananaliksik ay maaaring magamit sa ebalwasyong gagawin para makita ang paktors na maaaring makaapekto at makatulong sa kalagayan ng employment ng mga nagsipagtapos. At mula rito matutukoy rin ang mga napagdaang kuwento para maabot ang kanilang pinapangarap.

Pinatunayan ito ng pag-aaral na ginawa nina Cuadra, Aure, at Gonzaga (2019) na sinasabing mahalaga na malaman natin kung nasaan na ang mga nagsipagtapos sa ating paaralan. Kung kaya't ang tracer study ay isang mabisang kasangkapan na nakapagbibigay ng mahahalagang impormasyon para mabigyang ebalwasyon ang kinahahantungan ng mga nagsipagtapos at matukoy ang performans nito. Sa ginawa ring paghahanap nina Pentang et.al (2022) ng kanilang mga gradweyts ang nagagawa ng tracer study ay nabibigyan ng pagkakataon ang mga institusyon na mapropayl ang mga gradweyts at makita kung anong kalidad ng edukasyon ang naibibigay nito. Hangad ng bawat institusyon na makadebelop ng kompetent at may kalidad na gradweyts.

Samakatuwid hindi maaaring hindi magsagawa ng pagmamapa ang mga institusyon upang malaman ang kalagayan ng kanilang mga mag-aaral na nasipagtapos anumang kurso ang kinuha nito. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman kung ano ang propayl ng mga nagsipagtapos at kung ano ang kuwentong nakamit na tagumpay ng mga nasipagtapos sa isa sa mataas na antas ng pag-aaral, ang masteral. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga personal na karanasan at mga kaugalian sa pagtugon sa mga hamong ito, maaaring magbigay ng impormasyon sa mga taong nagnanais na magtagumpay at maabot ang kanilang mga pangarap. Gayundin ay

masuri ang mga pagsasanay at kasanayan na nagdulot ng tagumpay sa kanilang propesyon. Nais ding malaman kung paano nila napagtagumpayan ang kanilang mga larangan, anong mga estratehiya at pagpapalano ang kanilang ginamit, at kung paano nila nalampasan ang mga hamong kinaharap nila sa kanilang propesyon. Layunin din nito na masiguro kung ano ang mga mahahalagang aspeto ng kanilang pag-aaral at kung paano ito nakatulong sa kanilang mga karera. Sa pangkalahatan, layunin ng pag-aaral na ito na magbigay ng mga impormasyon at rekomendasyon upang matulungan ang mga taong nais din makamit ang tagumpay sa kanilang mga larangan.

Layunin ng pag-aaral - Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang mga kuwento ng tagumpay ng mga nagsitapos sa programang MAED Filipino sa Paaralang Gradwado ng Pampahalaang Pamantasan ng Sorsogon ayon sa 1) propayl ng mga nagsitapos na MAED Filipino 2) mga kuwento sa likod ng tagumpay ng mga nagsipagtapos 3) paano nakakatulong ang programang MAED Filipino sa pag-abot ng tagumpay.

2. Pamamaraang ginamit

Ginamit sa pag-aaral na ito ang disenyong kwalitatibong paglalarawan. Ang naging partisipant dito ay mga mag-aaral na nagtapos ng MAED-Filipino. Gumamit ng talatanungan at interbyu skedyul sa pagkuha ng datos. Inanalisa at binigyan ito ng interpretasyon.

3. Mga natuklasan

3.1 Propayl ng mga Nagsitapos na MAED Filipino.

Makikita ang propayl ng mga nagsipagtapos na MAED-Filipino, ang edad, kasarian, katayuang sibil, tirahan, trabaho, estado ng pagkakahirang, tanggapang pinapasukan sa kasalukuyan, at haba ng taon sa trabaho o pagtuturo, posisyon bago mag-aral ng masteral at pagkatapos mag-aral, at bilang ng taon ng pag-aaral ng masteral.

Talahanayan 1a

Edad

Edad	Kab.	%
51 pataas	2	5
46-50	4	9
41-45	6	14
36-40	5	12
31-35	18	42
25-30	8	18
Kabuoan	43	100

Mapapansin na ang edad ng mga nagsipagtapos na MAED-Filipino ang nakararami ay ang may edad na 31-35 na may 18 partisipant ang sumagot. Sinundan ito ng may edad 25-30 na may 8 kalahok. Anim naman ang nasa edad 41-45, lima (5) ang 36-40, apat (4) 46-50 at dalawa (2) naman ang may edad 51 pataas. Nangangahulugan lamang ito na mas maraming partisipant ang may edad na 31-35, sila'y halos sampung (10) taon na makalipas na makatapos ng kolehiyo, at humigit kumulang na nasa sampung taon (10) na rin sa pagtuturo. Mapapansin rin na may mga ang edad na 20-25 ay nakapagtapos na rin ng masteral. Kapapasok pa lamang ng trabaho o kasisimula pa lamang magturo. Ito ay edad kung saan nasusubok ang bawat nagsipagtapos sa reyalidad ng trabaho. Ang mga ito ay handang handa sa pagharap sa hamon ng mundong kanilang gagalawan. Masisipag at maabilidad at kayang makapagsabayan sa hinihingi ng panahon.

Talahanayan 1b

Kasarian

Kasarian	Kabuoan	%
Lalaki	13	30
Babae	30	70
Kabuoan	43	100

Sa kasarian naman 30 babaeng MAED-Filipino ang nagsipagtapos ng masteral 18 lamang ang lalaki.

Mapapansin na mas maraming babae kumpara sa lalaki ang kumukuha ng medyor na Filipino. Nagpapakita lamang ito na mas nahihikayat ang mga kababaihan sa pagkuha ng kursong MAED Filipino kaysa sa kalalakihan. Sa kasalukuyan, karamihan ng kababaihan ay gustong maging guro ang propesyon. Sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga kalahok ang mga kababaihan ay nakikita na talaga ang kanilang sarili sa pagtuturo. Ang mga babae rin ay may likas na katangian sa pag-aaral ng Filipino sapagkat sinasabi nila na hilig nila ang pagsulat at lalong-lalo na ang kasanayan sa pagsasagawa ng mga sining pantanghalan tulad ng pag-aarte sa entablado, pagkanta, tula at iba pa. Ang 16 na lalaking partisipant naman ay nakabibilib dahil sa iilan lamang silang kumuha at nakapagtapos dahil nga ang karamihan ng kalalakihan ay nawiwili kunin ang mga kursong ginagamitan ng lakas ng pangangatawan at abilidad sa teknolohiya. Sinasabi na karamihan sa ulat at pag-aaral ay nagpapakita na mas mataas ang prosyento ng kababaihan na nakapagtatapos ng edukasyon at nagiging guro kumpara sa lalaki. (Regalado, 2017).

Talahanayan 1c

Katayuang Sibil

Katayuang Sibil	Kabuoan	%
Walang asawa	17	40
May asawa	26	60
Kabuoan	43	100

Sa katayuang sibil naman 17 ang mga walang asawa at 26 lamang ang may mga asawa. Mapapansin natin na mas marami ang mga may asawa kumpara sa mga walang asawa nakapagtapos. Nagpapakita lamang ito na nabibigyan halaga pa rin nila ang panahon na pagsabayin ang pagiging ina o ama at pag-aaral. Sila rin ay nakapokus na makapag-ipon at makatulong sa pamilya sapagkat alam nila na dahil sa pagkatapos ng kanilang pag-aaral ay mas tataas ang kanilang antas ng propesyon. Mapapansin rin na marami ring nagsipagtapos ng masteral na dalaga o binata. Maaari sigurong gusto rin muna nilang matapos ang pag-aaral bago mag-asawa.

Talahanayan 1d

Tirahan

Lugar	Kabuoan	%
Sorsogon City	20	47
Sorsogon Province	23	53
Kabuoan	43	100

Natuklasan sa pag-aaral na ito na karamihan sa mga nagsipagtapos ay naninirahan sa lalawigan ng Sorsogon. Ipinapakita rito na kahit may kalayuan ang kanilang bayan sa paaralang gradwado ng SorSU hindi ito naging hadlang para ipagpatuloy at tapusin ang kanilang pag-aaral. Ipinapakita rin dito na hindi naging hadlang gastusin tulad ng pamasahang sa sasakyang dyip o kaya'y gasoline sa kanilang sasakyang kotse o motorsiklo para hindi maabot ang kanilang pangarap. Hindi alintana ang hirap ng pagbibiyahang marating lamang ang paaralang SorSU. Marami rin ang nagsipagtapos na mula sa iba't ibang barangay ng Lungsod ng Sorsogon. Mapapansin na ang pinanggalingan lugar ng mga nagsipagtapos ay mula lamang sa ibang ibang bayan nasa probinsiya ng Sorsogon

Talahanayan 1e

Trabaho

Trabaho	Kabuoan	%
Guro	43	100
Kabuoan	43	100

Lahat guro ang mga nagsipagtapos na MAED Filipino. Kumbinasyon ito ng guro na nagtuturo sa elementarya, sekondarya, at kolehiyo. Nangangahulugan itong ipinagpatuloy nila ang paghahanda sa pagtuturo batay sa kanilang natapos na kurso at naging propesyon nila. Nagamit nila ang mga kakayahan, talento at mga pagsasanay na natipon sa kursong kanilang natapos. Ipinapakita rin dito na ang mga partisipant ay sinunod nila ang kanilang gusto, ang maging guro. Ayon sa pakikipanayam na ginawa ng mananaliksik sinabi nila na ang patuloy na pag-aaral ng isang guro ay kailangan upang mas maitaas pang lalo ang edukasyon. Mas maraming makukuhang benepisyo ang mga bata at maging ang ating bansa. Kahit pa nga sinasabi ni Gatchalian (2020) Ang husay at kaalaman ng ating mga mag-aaral ay nakasalalay sa kahusayan at kahandaan ng ating mga guro. Upang mai-angat

natin ang kalidad ng edukasyon sa bansa, kailangang masuri natin ang edukasyon at paghahanda na natatanggap ng ating mga guro.

Talahanayan 1f

Estado ng pagkakahirang

Estado	Kabuoan	%
Permanente	42	98
Substitute	1	2
Kabuoan	43	100

Makikita na ang estado ng pagkakahirang ng nagtapos ng MAED Filipino ang nakararami ay permanente na may 42 partisipant ang sumagot. Ipinapakita lamang nito na bago pa man magsimulang mag-aral ng masteral, ang mga guro na hindi pa nakakapasok ng trabaho ay maaari ng mag-enrol kung kaya't kumbinasyon ng may trabaho at walang trabaho ang mga mag-aaral sa programang masteral. Nangangahulugan itong mas mabilis makakuha ng permanenteng trabaho ang nakapagtapos ng kursong masteral sapagkat bentahe na sa kanila ang may naidagdag na kredensyal para sa pag-aplay ng trabaho. Malaking porsiyento na ang naglilingkod sa ating komunidad. Sa patuloy na pagtaas sa bilang ng mga nagtatapos sa kolehiyo, ang mga oportunidad sa pagtatrabaho para sa mga estudyante ay naging napakahirap. Ang mga guro na temporary permanent ay nag-aaral ng masteral upang sila ay maging permanente na sa kanilang trabaho. Sa pag-aaral na isinagawa nina Galdan, Jaksztat at Gross (2022) ipinapakita nila na ang isang tao na mayroon permanenteng trabaho ay may mataas na kasiyahan sa kanyang ginagawa. Bunga rin nito ang malawak na saklaw ng positibong pag-uugali, emosyon, at maayos na kalusugan. Dahil kapag ang tao ay masaya sa trabaho nagpapakita ito ng mataas na performans, bihirang pagliban sa trabaho, walang intensiyon na tumigil sa trabaho, walang stress o pagkapagod sa ginagawa, mas maayos na kalusugang mental at kasiyahan sa buhay. Dahil dito nararapat lamang na maging masaya ang bawat isa sa kanilang ginagawa.

Talahanayan 1g

Tanggapang Pinapasukan

Tanggapang pinapasukan	Kabuoan	%
Pribado	0	0
Pambubliko	43	100
Kabuoan	100	100

Ang 43 gurong nagsitapos ng MAED Filipino ang tanggapang pinapasukan ay pampubliko. Nangangahulugan ito na mas pinipili nilang magtrabaho sa pampubliko dahil sa mataas na pasahod at benipisyo na natatanggap. Gayundin, ang karamihang guro ay kinakailangan sa Departamento ng Edukasyon dahil sa pagbukas ng Junior at Senior High School. Ayon kay Wu at Lee (2020) ang isang empleyado na masigla, nasiyahan at dedikado sa trabaho ay may mataas na intrinsic na motibasyon dahi ang kanilang pangangailangang saykolohikal ay natugunan. At dahil dito mas nadagdagan ang motibasyon na gumawa ng maraming gawain. Sinabi rin nina Kim at Park (2020) masipag na empleyado ay nagpapakita ng mas mataas na enerhiya at may katatagan ng kaisipan, at dahil dito sila ay may kusang loob at may sariling pagsisikap sa kanilang itinalagang gawain. Dahil din dito mas maraming empleyado ang nagpapakita ng pagiging masigasig at may pagmamalaki sa kanilang trabaho upang mas maipakita at maitaas ang kanilang performans.

Talahanayan 1h

Haba ng Taon sa Trabaho o Pagtuturo

Haba ng Panahon	Kabuoan	%
1-3 taon	9	21
4 taon – 6 na taon	16	38
7 taon – 9 na taon	6	14
10 taon – 12 taon	8	19
13 taon – 15 taon	1	2
16 na taon – 18 taon	1	2
19 na taon – 21 taon	1	2
22 taon – 24 na taon	1	2
Kabuoan	43	100

Makikita na ang 16 na partisipant ay higit sa 4 na taon ang haba ng panahon sa kasalukuyang trabaho, sinundan

ito ng 9 na partisipant ang 1-3 taon sa pagtuturo at higit 8 ang 10 taon –12 taon sa pagtuturo. Nangangahulugan ito na malaking porsyento na ang masayang naglilingkod sa kani-kanilang napiling propesyon. Sa pagbukas ng Junior at Senior High School sa nakalipas na mga taon, nagbukas ito ng oportunidad na maraming mga nagsipagtapos ang nakapasok at nakapagturo sa Departamento ng Edukasyon kaya karamihan ng nagsipagtapos ay higit sa 4 taon na sa pagiging guro. Napag-alaman ng mananaliksik na ang ilang mga nagsipagtapos ng kanilang masteral ay pinapatuloy ang kanilang pag-aaral sa mas mataas na edukasyon upang mas lalong paunlarin at hubugin ang kanilang propesyon. Ayon kay Schomburg (2007) na ang mga nagtapos ay hindi laging malalaman ang relasyon ng kaalamang natutunan sa panahon ng pag-aaral at ang kanilang propesyonal na buhay at ang mga natuklasan sa pananaliksik ay mahalaga katulad sa mga nagpapalano na maaaring baguhin ang mga natuklasan sa mas konkreong reporma. Gayunpaman, ang pangunahing layunin ng papel na ito ay para sa mga mananaliksik upang siyasatin ang kalagayan ng trabaho ng mga nagtapos at matukoy ang mga kuwento sa likod ng kanilang pagtatapos.

Talahanayan 1i

Posisyong Natamo Bago at Pakatapos ng Pag-aaral

Posisyong Natamo	T1	T2	T3	MT1	MT2	Inst.	A. Prof.	Superbisor	K
Bago Makatapos ng Pag-aaral	27	2	10	2	1	1	0	0	43
Pakatapos Mag-aaral	1	5	25	6	2	2	1	1	43

Makikita ang magandang resulta dulot ng makatapos ng pag-aaral sa masteral. Mapapansin na bago makatapos ng masteral ang mga guro ang kanilang posisyon sa trabaho ay karamihang Teacher 1, 27 partisipant ang nasa posisyong ito. Teacher 2 ay dalawa (2), Teacher 3 ay sampu (10), Master 1 ay dalawa (2), Master Teacher 2 ay isa (1) at Instructor 1 ay isa (1). Subalit ng sila't makapagtapos ng kanilang pag-aaral ang dating 27 Teacher 1 ay naging isa (1) na lamang. Ang karamihan ay tumaas ang posisyon, ang Teacher 2 posisyon ay mayroon ng limang (5), Teacher 3 may 25, Master Teacher 1 may anim (6), Master Teacher 2 may dalawa (2), Instructor 1 may dalawa (2), Assistant Professor 11 may isa (1). At isa na nagawa ng programang masteral sa buhay ng isang nakapagtapos nito ay ang mapromote sa posisyong Superbisor sa Filipino sa Departamento ng Edukasyon sa Masbate.

Ipinapakita lamang nito na nagawang mapataas ang posisyon sa trabaho ng mga nagsipagtapos ng masteral dahil sa natapos nila ang kanilang pag-aaral. Pagpapatunay lamang na anu't anupa may malalaking magagawa sa buhay ng isang tao ang may mataas na pinag-aralan. Gayunpaman, ayon kina Khusanova, Kang at Choi (2021) kapag ang isang empleyado nararamdaman na ang kanyang nagawa ay nakagagawa ng malaking kontibusyon sa iba, nagiging mas masigasig pang lalo na pag-iibayuhin na mapaganda ang kanilang gawa sa mga susunod.

Talahanayan 1j

Taong Ginugol Bago Matapos ang Pag-aaral

Taong Ginugol	Kabuoan	%
5 taon-6 na taon	12	28
3 taon-4 na taon	31	72
Kabuoan	43	100

Ipinapakita sa talahanayan kung ilang taon bago natapos ng mga guro ang kanilang masteral. Lumalabas na mahaba-haba ang ginugol nila para matapos ang pag-aral. Tatlo (3) hanggang apat (4) na taon ang kanilang binuno upang matapos ito. Mayroon din mas mahaba pang taon ang ginugol upang matapos ang kanilang pag-aaral, lima (5) hanggang anim (6) na taon ang inabot para lamang makatapos. Mapapansin na iilan lamang ang tuloy tuloy na nag-aaral at nasunod ang skedyul upang makatapos sa nakatakdang panahon ang isang mag-aaral.

3.2 Mga Kuwento sa Likod ng Tagumpay ng mga Nagsipagtapos.

Lutang na lutang sa kuwento ng mga gurong nagsipagtapos ng masteral ang mga hamon at pagsubok na kanilang narasanasan ay ang pagbabalanse ng kanilang oras o time management, pagod at puyat, at ang mga gawaing pampaaralan. Mayorya sa mga kuwento na nalikom ang nagpapahiwatig na nahihirapan sila sa pagbabalanse ng kanilang oras sa pag-aaral at pagtatarabaho gayundin ang pag-aasikaso sa kani-kanilang pamilya.

Mahihinuha rin sa mga salaysay ng mga partisipant na karamihan sa kanila ang nagsasabi na ang kanilang pamamaraan upang malagpasan ang mga pasgsubok na nararansana ay sa pamamagitan ng wastong pamamahala o time management sa tulong ng paggawa ng planner nang sa gayon ay maisagawa nila ang kanilang mga gawaing pampaaralan at makahabol sa kanilang leksyon at pagpasa sa mga gawing itinalaga. Banggit nga ng isang partisipant “Ang buhay ay puno ng pasgsubok, upang malagpasan ito, ang pangangailangan sa pagtatagumpay ay napakahalagang pangangailangan upang magkaroon ng ninanais na kaalaman, kakayahan at kasanayan na matatamo sa pamamagitan ng angkop na pakikipagkapwa-tao.” Sa ganitong pagkakataon, may mahalagang gampanin ang mga guro, magulang, at kaibigan upang maisakatuparan ang layuning ito. Kailangan ang katulong upang harapin ang mga pasgsubok at kahirapan na humahadlang sa kanila para mapagtagumpayan ang kanilang minimithi.

3.3 Paano Nakakatulong ang Programang MAED Filipino sa Pag-abot ng Tagumpay.

Nakatulong nang malaki ang programang MAED Filipino sa mga nagsipagtapos nito. Narito ang ilan sa nagawa ng programang MAED Filipino upang maabot ang tagumpay na inaasam ng mga mag-aaral.

Nalinang ang Kakayahang Intelektwal - Ang kakayahang intelektwal ay ang kakayahan sa kritikal na pag-iisip. Nangangahulugan itong kinakailangan at mahalaga ang kakayahan sa kritikal na pag-iisip. Ang mahusay na pag-iisip at paglutas ng mga problema ay isang bentahe sa anumang karerang tinatahak. Ang pagkakaroon ng matalas na pag-iisip ay nagkakaroon ng tamang pagdedesisyon at tiyak ito ay makaakatutulong sa pagpapaunlad ng propesyon. Hindi lamang lakas ng pangangatawan ang kailangan sa pagtuturo kundi ang kritikal na pag-iisip ay napakahalaga dahil sa mga kailangan tapusing mga dokumento at mga aralin sa araw-araw na dapat pag-aralan. Kailangan ang pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip upang maging maayos ang pagtuturo at pagkatuto. Narito ang ilang mga pahayag ng partisipant.

“Dati hindi ko alam ang gagawin kung anong estratehiya para mapabasa ang isang mag-aaral na Grade 7 na hindi pa rin marunong magbasa. Pero dahil sa sharing at brainstorming na ginawa namin sa klase nakaisip ako ng kung anong estratehiya kung papaano ko tuturuan ang bata na magbasa.”

“Pinagawa ako ng aming prinsipal ng proposal para makagawa kami ng LAC session, sa una hindi ako marunong subalit dahil sa nahasa kami sa isang klase namin sa paggawa ng proposal halimbawa seminar at ekstensiyon, madali ko itong nagawa.”

“Ngayon ako po ay marunong ng gumawa ng aksyon riserts. Natuto ako sapagkat minsan ito ang aming test na ginagawa.”

Nangangahulugan ito na mahalagang mayroong pag-unawa at pag-aanalisa upang makagawa ng pinakamahusay na mga resulta sa anumang desisyon na gagawin. Sa propesyon ng pagtuturo, araw-araw na kinakailangan ang pag-unawa at pag-aanalisa ng mga bagay. Sinasabi nga na ang guro ang pangalawang magulang ng mga mag-aaral sa paaralan upang magampanan ito ay mahalaga ang pag-unawa at pag-aanalisa na kakayahan. Dahil din dito nagagawa ang tamang pagdedesisyon.

Makakatulong din sa pagpapaunlad ng intelektwal ay ang kakayahang magplano at mamahala sa dami ng oras na ginugugol sa partikular na gawain at ang mabilis na pagtugon sa suliranin. Nangangahulugan lamang ito kinakailangan sa isang trabaho o propesyon na may abilidad kang magplano at mamahala ng iyong oras upang maging epektibo at mapabilis ang paggawa ng isang gawain. Ang pagkakaroon ng malikhaing kasanayan at kahusayan sa mga gawain at ang kakayahan na magsagawa ng maraming gawain sa parehong panahon ay ilan pa rin sa mga kakayahang intelektwal na makakatulong sa pagpapaunlad ng propesyon.

Nalinang ang Kakayahang Sosyal - Ang malinang ang kakayahang sosyal ay isa sa naidulot ng pag-aaral na masteral sa Filipino. Ang kakayahang ito ay isang pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ito ay dahil sa karamihan ng

trabaho ng mga nagsipagtapos ay guro ang propesyon. Ang pagtuturo ay araw-araw na pakikitungo, pakikipanayam at pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ang aspetong pakikipag-ugnayan sa ibang tao ay napakahalaga sa komunikasyong sosyal. Ang isang guro ay hindi lamang sa mga mag-aaral nakikipag-ugnayan kundi sa mga magulang, komunidad at sa iba-ibang taong na nasa kanyang paligid. Kailangan na ang isang guro ay marunong makiharap sa tao. Ang pakikibagay ay isang napakahirap na gawain ng isang guro.

Maayos ding napamamahala ang pag-uugali sa anumang sitwasyon ay higit na nakakatulong sa pagpapaunlad ng propesyon. Ang pagkilala sa mahihirap na pag-uugali o pagganap sa trabaho ay madali ngunit mabuting pag-uugali ay dapat na gagantimpalaan at lilinangin pang lalo. Ang pangarap ng bawat tanggapan ay magkaroon ng mga empleyado na may magagandang pag-uugali. Sa napakaraming mga isyu sa lugar ng trabaho, ang pag-uugali mayroon ang kanyang mga empleyado ang minsan nagiging sanhi ng problema sa loob ng opisina o lugar ng pinagtatrabahuan. Kung kaya't kinakailangan na ang mga guro ay may tamang pag-uugali. Marunong silang humarap sa kanilang mga mag-aaral, makitungo sa kanilang mga kapwa guro at gayundin sa kanilang mga administrador. Narito ang ilang pahayag:

“Noon po hirap akong humarap o makilahok sa mga gawain dahil nahihya ako. Ayoko pong makiha-lubilo sa kanila gawa ng nahihya ako. Subalit ng ako ay masanay na magsagawa ng mga ipinapagawang gawain ng guro sa aking pag-aaral, nabago ito. Unti-unting nalabanan ko na ang hiya at minsan takot. Masaya na akong nakikipagsabayan sa kanila.”

“Ako po ngayon ay isa ng guro sa kolehiyo. Alam ko na ang gagawin ko sa pagharap sa mga mag-aaral. Alam ko na kung papaano sila pakiki-bagayan lalo't hindi ako sana'y sa kanila dahil dati ang tinuturuan ko ay elementarya. Gayundin ang pakikitungo sa bago kung mga ko-titser at bossing. Ito po ay dahil sa nagawa sa akin ng programang MAED Filipino.

Nalinang ang Kakayahang Personalidad - Ang pagpapaunlad ng personalidad ay higit na makatutulong sa pagpapaunlad ng propesyon dahil sa ang pagkatao ng isang tao ay natutukoy sa kanyang katangian, pag-uugali, pag-iisip at damdamin. Ang pag-unlad ng personalidad ay ang paghubog ng mga pag-uugali at saloobin. Ito ay nangyayari sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan ng ugali, karakter, at kapaligiran. Ang may pagtanggap sa iba-ibang grupo ng tao at may kumpiyansa sa sarili at lakas ng loob sa pakikipanayam sa ibang tao ay mga kakayahang pang-edukasyon na makakatulong din sa pagpapaunlad ng propesyon ayon sa sosyal. Ang mga kadahilanang ito ang nalinang sa mga nagsipagtapos ng programang MAED Filipino. Narito ang ilan sa kanilang mga pahayag.

“Dati-rati'y para bagang wala akong paki-alam sa mga nangyayari sa aking palibot. Basta ang nasa isip ko magturo gawin ang araw-araw na dapat gawin, yon na. Subalit sa pag-uusap-usap namin magkakaklase at guro kaswal man ito o pormal bigla akong nahiya sa sarili ko. Na mali pala ako. Hindi pala sapat ang ginagawa ko araw-araw. Lalo na ng ako'y makasama sa ekstensiyon na gawain ng klase. Mula noon sumasabay na ako sa grupo.”

“Dati po mahiyain ako. Hindi ako palakibo dahil nahihya ako. Hindi rin ako sumasali sa mga gawain. Basta ang nasa isip ko mag-aaral ako. Subalit nabago ito dahil nakakilala ako ng mga mababait na kakaklase. Unti-unti pong nabago ang pananaw ko sa buhay. Dati isip ko mag-aaral lang ng lumaon sabi ko dapat pala paminsan-minsan sasama rin ako sa mga ganap ng klase.”

Nakatulong sa Promosyon - Ang makapag-aral sa mas mataas na edukasyon ay malaking tulong para mapapaunlad ang sarili, tumaas ang kompyansa sa sarili, maging dalubhasa sa piniling larang, at maging daan upang makapaglibot sa iba't ibang lugar. Ang mga gawaing ito ay makatulong upang makapag-ipon ng mga dokumento na maaaring magamit para tumaas ang posisyon o magkaroon ng promosyon. Ang mga ito ang nalinang ng programang MAED Filipino na nakatulong nang malaki para tumaas ang posisyon sa trabaho.

Ang magkaroon ng prebilihyo na makadalo sa mga palihan at seminars at kung minsan ay naimbitahan na

maging tagapanayam ang ilan sa nagawa ng programa. Kasama na rin mabigyan ng pagkakataon na sumali sa mga patimpalak at mabigyan ng pagkakataon na makatanggap ng ilang parangal. Samakatuwid nagbukas ng pagkakataon na maiangat ang propesyon dahil sa nakapagtapos ng pag-aaral. Narito ang iang pahayag ng mga nagsipagtapos.

“Alam mo kung hindi ako nag-aral ng masteral hindi ako makatanggap ng award. Naging Ulirang Guro ako ng KWF dahil sa mga naipon kong sertipiko, IMS riserts atbp. dahil pinapagawa tayo nito para sa asignatura natin. Kung hindi naman dito wala naman tayong panlaban sa mga pakontest.”

“Ang mga sertipiko ko sa pagiging ispiker sa paseminar ni Ma'am ay nakatulong ng malaki para ako maging MT 2. Tapos ang pagpresent ko ng risert sa Cebu at ng mailathala ito ang isa sa nakapuntos ng mataas sa akin sa promosyon.”

“Isa sa nagawa sa akin ng makapagtapos ng pag-aaral ay ang maging superbisor ako. Nakatulong ito ng Malaki para makuha ko ang posisyong ito.”

Nagsilbing inspirasyon sa iba - Nagawang maging inspirasyon sa iba ang makapagtaapos ng pag-aaral ng programang MAED Filipino. Ang mga hamon, ang mga balakid, at ang mga problema na kanilang kinakaharap ay mga sangkap ng pagsisikap upang mapagtagumpayan ang hinihinging pangangailangan ng propesyong tinatahak mo ng sa gayon ay malasap ang tagumpay. Ang pagiging inspirasyon mo sa iba ay nagagawa maging magiging lider at mabuting guro na alam kung papaano haharapin ang mga mag-aaral at ang nakapalibot saiyo. Ikaw ang magiging magandang halimbawa sa kanila. Kailangan mong ipadama na may pagmamalasakit ka sa iba. Narito ang ilang pahayag ng mga kinapanayam:

“Masayang-masaya ang aking mga anak ng ako'y makapagtapos ng aking masteral. Sabi nila sa akin ang tibay tibay ko daw, kahit matanda na nakikipagsabayan pa rin ako sa mga bata na mag-aaral. Very Proud sila sa akin.”

“Sabi ng asawa ko, wow nakakainspire ka naman. Tapos ka na kahit kulang kulang tayo sa pinansyal nairaos mo pa rin. Susunod na rin ako saiyo. Magtatapos na rin ako.”

Hindi maikakaila na ang nalasap na tagumpay ng mga nagsipagtapos sa programang MAED Filipino ay isang patunay na na nakamit ang layunin ng programang ito. Naging instrumento ang layunin ng paaralang gradwado ng SorSU upang kahit papaano'y matulungan ang mga pangarap na madagdagan ang kanilang kaalaman, mahasa sila bilang isang guro at indibidwal at kahit papaano'y madagdagan ang kanilang sinasahod at mapagkakitaan.

4. Konklusyon at rekomendasyon

Iba-ibang propayl ng mga nagsitapos na MAED Filipino pagdating sa edad, kasarian, katayuang sibil, tirahan, trabaho, estado ng pagkakahirang, tanggapang pinapasukan sa kasalukuyan. haba ng taon sa trabaho o pagtuturo, posisyon bago mag-aral ng masteral ng mga guro at pagkatapos mag-aral ng masteral, at bilang ng taon ng pag-aaral ng masteral. Ang mga kuwento sa likod ng tagumpay ng mga nagsipagtapos ng MAED Filipino ay nakapag-ambag sa larang ng edukasyon at nagsilbing modelo para sa mga nagpapatuloy na mag-aaral. Maraming naitulong ang programang MAED Filipino sa pag-abot ng tagumpay na tinatamasa ngayon ng mga gurong nagsipagtapos ng kanilang masteral.

Inirekomenda ang patuloy na buksan ang programang MAED- Filipino upang mahikayat ang mga mag-aaral na kumuha nito. Ang administrasyon, dekanato at mga guro ay patuloy na gumabay at hikayatin ang mga mag-aaral na tapusin ang kanilang pag-aaral. Hikayatin ang mga nagtapos na dumalo sa mga seminar at pagsasanay upang mas mapabuti pa ang kanilang kakayahang pang-edukasyon. Mas paunlarin at bigyang-tuon ang kakayahang pang-edukasyon dahil ito ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng propesyon. Mag-aral sa post-graduates (PhD) para madagdagan ang kanilang kaalaman sa kursong natapos. Magsagawa ng iba pang pag-aaral para matukoy ang

kalagayan ng mga nagsipagtapos ng iba't ibang kurso maging ito man ay sa kolehiyo at mas mataas na antas ng pag-aaral.

5. Talasanggunian

- Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities in the Philippines (AACUP). (n.d.). *AACUP website*.
Batas 7722 ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED). (n.d.). *Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon*. Wikipedia.
[https://tl.wikipedia.org/wiki/Komisyon_sa_Mas_Mataas_na_Edukasyon#:~:text=7722%20o%20ang%20Higher%20Education,Education%20\(EDCOM\)%20noong%201992](https://tl.wikipedia.org/wiki/Komisyon_sa_Mas_Mataas_na_Edukasyon#:~:text=7722%20o%20ang%20Higher%20Education,Education%20(EDCOM)%20noong%201992)
- Cuadra, L. J., Aure, M. R. K. L., & Gonzaga, G. L. (2019). The use of tracer study in improving undergraduate programs in the University. *ResearchGate*. <https://www.researchgate.net/publication/3354>
- Galdan, L., Jaksztat, S., & Gross, C. (2022). How does obtaining a permanent employment constraint affect the job satisfaction of doctoral graduates inside and outside academia? *Open Access*, 86, 185-208.
<https://link.springer.com/article>
- Gatchalian, W. (2020, September 30). *Seeks to improve quality of teacher education and training*. Senate of the Philippines. https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2020/0930_gatchalian1.asp
- Gatchalian, W. (2020, September 30). *Seeks to improve quality of teacher education and training*. Senate of the Philippines. https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2020/0930_gatchalian1.asp
- Khusanova, R., Kang, S.-W., & Choi, S. B. (2021). Work engagement among public employees: Antecedents and consequences. *Frontiers*. <https://www.frontiers.org>
- Kim, W., & Park, Y. (2020). Organizational support and adaptive performance: The revolving structural relationships between job crafting, work engagement, and adaptive performance. *Sustainability*, 12(12), 4872. <https://doi.org/10.3390/su12124872>
- Pentang, J. T., et al. (2022). Tracer study of teacher education graduates of Western Philippines University-Puerto Princesa Campus: Basis for curriculum review and revision. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 10(3), 11594/ijmaber.03.03.12
- Regalado, M. (2017). Career mobility and gender: A descriptive study of selected DepEd teachers in Iligan City. *ResearchGate*.
https://www.researchgate.net/publication/316967871_Career_Mobility_and_Gender_A_Descriptive_Study_of_Selected_DepEd_Teachers_in_Iligan_City/citation/download
- Schomburg, H. (2007). The professional success of higher education graduates. *European Journal of Education*, 42(1), 35-57. <https://doi.org/10.1111/j.1465-3435.2007.00286.x>
- Wu, W. L., & Lee, Y. C. (2020). Do work engagement and transformational leadership facilitate knowledge sharing? A perspective of conservation of resources theory. *International Journal of Environmental Research and Public Health*, 17, 2615. <https://doi.org/10.3390/ijerph17072615>